# Balitang Manmin

BILANG 54 ENERO 15, 2012

# "2012: Ang Taon ng Inaasahang Biyaya, Pagpalain Nawa Kayo ng Diyos!"



Noong Disyembre 25, 2011, idinaos ang Pangkalahatang Pagpupulong para sa katapusan ng taon, pagkatapos ng pagsamba noong Linggo ng gabi sa pangunguna ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Ipinahayag niya ang apat na pangitain o vision ng iglesya para sa taong 2012. Ayon sa kanya, "Sa simula ng ika-30 taon ng iglesya, ang mga biyayang inihanda ng Diyos ay lalampas pa sa imahinasyon ng tao." Ito ang apat na pangitain: Biyaya (3 Juan 1:2); ang Pagpapahayag ng Iglesya sa Buong Mundo (Ang Mga Gawa 1:8); ang Santuwaryo sa Lupa na Luluwalhati sa Diyos (2 Mga Cronica 5:11-14); at ang Dakila at Kamangha-manghang Kapangyarihan (Juan 14:12).

Pagkatapos ng pulong, tumungo si Dr. Lee sa bahay-dalanginan niya sa bundok para manalangin sa loob ng pitong linggo. Ginawa niya ito para mapaghandaan ang ministeryo niya sa 2012 na gigising sa mga Koreanong Cristiano sa Korea at sa buong mundo sa pamamagitan ng walang imposibleng kapangyarihan ng Diyos. Habang nananalangin siya sa bundok, maalab ding isinagawa ang pangakong pananalangin ng mga pastor, mga manggagawang Levita, at ng mga miyembro ng iglesya sa Pulong Panalanging Daniel sa pangunguna ni Gng. Boknim Lee, pangulo ng Manmin Prayer Center.

Nagsimula ang paghahandog ng Manmin Central Church para sa Bagong Taong 2012 sa pamamagitan ng pagsamba na nagsimula sa ika-8 ng gabi noong Disyembre 31, 2011 hanggang sa ika-1 ng umaga ng Enero 1, 2012. Ipinangaral ni Pastora Soojin Lee, pangulo ng samahan ng mga pastor, ang mensaheng pinamagatang 'Biyaya' hango sa 3 Juan 1:2. Binigyang diin niya ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos Ama na naghanda sa kongregasyon para maging karapat-dapat na mga sisidlan ng biyaya noong 2011. Inihatid niya ang mensahe ni Dr. Lee na nagsasabing ibubuhos ng Diyos ang masaganang biyaya sa iglesya at sa bawat isang miyembro.

Noong ika-10 ng umaga ng Enero 2, 2012, nagsama-sama ang mga pastor ng iglesya, mga manggagawang Levita, mga misyonero sa ibang bansa, at mga pastor sa mga sangay ng iglesya. Habang nakikinig sa mensahe ni Pastora Soojin Lee, tinanggap nila ang mga pangitain para sa Bagong Taon at gumawa sila ng mga bagong plano.

Sa 2012, Taon ng Biyaya, masigasig na sisimulan ang pagpapatayo ng Santuwaryo ng Canaan. Sa pinagpalang taong ito, ipapahayag ng Manmin Central Church ang ebanghelyo ng kabanalan sa hindi mabibilang na mga kaluluwa sa buong mundo at walang hintong tutuparin ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng kamangha-manghang biyaya at dakilang kapangyarihan. Idinadalangin namin sa pangalan ng Panginoon na ang lahat ng miyembro ng Manmin ay makatanggap ng mga biyayang inihanda ng Diyos.

**Balitang Manmin**
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Biyaya

"Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay mapabuti ka at magkaroon ng kalusugan, kung paanong nasa mabuti ring kalagayan ang iyong kaluluwa." (3 Juan 1:2)

Habang pinapangalagaan tayo bilang mga Cristiano sa mundong ito, ang bawat isa sa atin ay mayroong gawain na si Jesu-Cristo ang saligan. Samakatwid, ang kalidad o kahusayan natin sa paggawa para kay Jesu-Cristo ay magkakaiba depende sa kasipagan nating ipamuhay ang salita ng Diyos at sa paglilingkod natin sa kaharian Niya. Sa pagsisimula ng Bagong Taong 2012, umaasa ako na magpapasya kayong muli na mabiyayaan ang espiritu ninyo, maging masagana ang mga kaluluwa at maging malusog kayo. Sa pamamagitan nito, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maaabot na ninyo sa wakas ang pinakamagandang tirahan – ang Bagong Jerusalem – na nangangahulugang tunay na biyaya.

### 1. Ano ang tunay na biyaya?

Ang kahulugan ng salitang 'biyaya' ay iba-iba sa bawat tao. Ipinapalagay ng mga makamundong tao na pinagpala sila kung mayaman, tanyag, at makapangyarihan sila. Bukod pa dito, mayroon silang magagarang damit, pagkain, tirahan at mababait na anak. Subalit ilan ba dito sa mundo ang tunay na nasisiyahan sa lahat ng ito? Kahit tila masaya sila sa panlabas, malamang mayroon silang mga alalahanin, pagkabahala, at kabalisahan sa kalooban nila. Takot din silang mamatay. Ang pinakamalaking biyaya sa lahat ay ang magkaroon ng buhay na walang hanggan, ang maligtas at makapasok sa Langit.

Malinaw na sinasabi sa Biblia ang paraan kung paano magkakaroon ng biyayang buhay na walang hanggan. Ito ay ang pagtanggap kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas, pagsamba sa Diyos, at pagsunod sa batas at mga utos Niya. Bibiyayaan ng Diyos ang tao batay sa ginawa at inihasik niya at bibiyayaan din siya ng buhay na walang hanggan. Hindi lang Siya magbibigay ng gantimpala sa Langit, hahayaan din Niyang magtamasa sila ng masaganang biyaya.

Ang binasa nating kasulatan ngayon ay nagsasabi ng paraan kung paano tatamasahin ang mga biyaya kahit nandito pa lang sa mundo. Ibig sabihin, kapag masagana ang espiritu at kaluluwa ninyo, magiging masagana din ang lahat ng bagay sa buhay ninyo at tatamasa kayo ng mabuting kalusugan.

### 2. Ano ang biyaya sa kasaganahan ng kaluluwa?

Ang tao ay nilalang na may espiritu, kaluluwa, at katawan. Sa simula, ang espiritu ni Adan ang namumuno sa buhay, katawan at kaluluwa niya. Subalit nang magkasala siya, namatay ang espiritu niya at ang kaluluwa na niya ang nagsimulang mamuno. Sa pangyayaring ito, ang kaluluwa ay nasa ilalim ng kaaway na si Satanas, ng mga diyablo



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

at ng puwersa ng kadiliman sa mundong ito. Sa madaling salita, sinisira ni Satanas at ng kanyang mga kampon ang puso ng tao sa pamamagitan ng mga kaluluwa nila, at tinutukso silang sundin ang mga makamundong pagnanasa. Habang dumudumi ang puso ng mga tao dahil sa kasalanan, nagdurusa sila sa lahat ng klase ng paghihirap tulad ng pagluha, kalungkutan, sakit, karamdaman, pighati at kamatayan.

Subalit ibinigay ng Diyos ang nag-iisa Niyang Anak sa mundong ito at binuksan ang daan para muling buhayin ang espiritu nila. Papasok ang Banal na Espiritu sa puso ng kahit na sinong tatanggap kay Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas at bubuhayin ang patay na espiritu. Kailangang magpatuloy sa paglago ang binuhay na espiritu. Kahit na binuhay muli ang espiritu, mas malakas pa rin ang kaluluwa. Dahil mas marami pa ring kasinungalingan kaysa sa katotohanan sa puso, na pinamumunuan ng kaaway na si Satanas at ng kanyang mga kampon.

Samakatwid, dapat masigasig ninyong sundin at isabuhay ang salita ng Diyos. Dapat kayong mabuhay sa katotohanan at sa liwanag ng pagsunod sa gabay at nais ng Banal na Espiritu. Nang sa ganoon, magbubunga sa puso ninyo ang Banal na Espiritu at patuloy na lalago ang espiritu ninyo. Sa bandang huli, mas magiging malakas na ito kaysa sa kaluluwa ninyo. Ibig sabihin, susundin ninyo ang puso ng katotohanan sa gabay ng espiritu at hindi ang puso ng kasinungalingan na ginagabayan ng kaluluwa.

Sa madaling salita, ipinapahiwatig ng 'kasaganahan ng kaluluwa' ang pamumuno ng espiritu sa kaluluwa at katawan o laman at sumusunod sila dito. Sa oras na nagiging masagana ang kaluluwa ninyo sa paraang ito, agad ninyong susundin ang tinig at gabay ng Banal na Espiritu. Dahil batid ng Banal na Espiritu ang lahat ng bagay, gagabayan Niya kayo sa pinakamasagana at pinagpalang daan. Magiging masagana ang negosyo ninyo o kikilalanin o papahalagahan kayo sa trabaho ninyo. Kahit na ano pa ang gawin ninyo, magiging masagana kayo.

Katulad ng ipinangako sa Deuteronomio 28, ang isang tao ay pagpapalain sa pagpasok at paglabas niya; siya ang nagpapahiram at hindi ang nanghihiram, siya ang namumuno at hindi ang pinamumunuan o siya ang una at hindi ang huli. Dagdag pa, hindi dadapuan ng sakit o kahinaan ang taong nagkakasundo ang espiritu at kaluluwa. Hindi makakapasok ang mga karamdaman sa katawan niya dahil hindi siya nagkakasala na siyang dahilan ng mga sakit. Kahit magkasakit siya dahil sa kasalanan o kapabayaan niya, gagaling ang karamdaman niya kung mananalangin siyang may pananampalataya. Kapag may kasaganahan ang kaluluwa ninyo sa ganitong paraan, lahat ng mga bagay sa buhay ninyo ay magiging maayos at tatamasa kayo ng mabuting kalusugan.

### 3. Ang Unang Pamagat na Panalangin ng Iglesya sa Taong 2012

Nang magsimula ang iglesya, pinangunahan ng Diyos ang mga miyembro para magkaroon ng masaganang espiritu at kaluluwa. Kumilos Siya, lalo na noong 2010 at 2011, sa mabilis na paglago ng mga miyembro sa pananampalataya at espiritu. Ang isang taong may masaganang kaluluwa ay mayroong tiwala sa Diyos dahil batid niya na hindi hahatulan ang puso niya. Maaari siyang manalangin nang may espirituwal na pananampalatayang mula sa Diyos. Kumikilos para sa inyo ang Diyos Ama dahil kalooban Niyang marating din ninyo ang ganitong antas ng pananampalataya.

Natural na lang ngayon na makakita ng isang miyembro na tumatanggap ng mga biyaya sa taong 2012. Kapag masagana ang kaluluwa, darating ang mga biyaya sa Bagong Taon. Kahit hindi pa kayo nagiging espirituwal, kapag nakikita ninyo ang mga kaluluwang napapabuti at tumatanggap ng mga biyaya, magkakaroon kayo ng katiyakan. At habang bumibilis ang espirituwal na paglago ninyo, mas dumadami din ang mga taong espirituwal na tatanggap ng biyaya. Dahil tumatanggap ng biyaya ang bawat isang miyembro, aapaw ang mga biyaya sa iglesya.

Ito ang dahilan kung bakit 'Biyaya' ang unang pamagat na panalangin na ibinigay ng Diyos sa atin para sa taong 2012. Gusto ng Diyos na luwalhatiin natin Siya dahil sa umaapaw na mga biyaya Niya. Ito rin ang ipinangako Niya sa ating lahat. Kaya idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na paulit-ulit kayong umani ng mga bunga ng biyaya at luwalhatiin nang lubos ang Diyos.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City Cebu,
Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# Ang mga Susi o Paraan sa Pagtanggap ng mga Sagot at Biyaya Batay sa Pitong Espiritu ng Diyos

Sa pagdiriwang ng Bagong Taon, pag-aaralan natin ang batas sa pagtanggap ng mga sagot at biyaya mula sa Diyos. Nagbibigay Siya ng mga sagot at biyaya sa mga taong may puso at gawaing nakakaabot sa pamantayan sa pagsusuri sa pitong aspeto batay sa pitong Espiritu na nakatala sa Apocalipsis 5:6.
Tinutukoy ng pitong Espiritu ang puso ng Diyos na espiritu. Ang bilang na 'pito' sa espirituwal na diwa ay 'pagiging ganap o perpekto.' Ano ang sinusukat ng pitong Espiritu?

### 1. Mayroon ba kayong 'espirituwal na pananampalataya'?

Ang makalaman na pananampalataya ay hanggang nasa isipan lang at ang espirituwal na pananampalataya ay may kasamang mga gawa. Kahit ang Salita ng Diyos ay salungat sa inyong mga saloobin at kaalaman, ang espirituwal na pananampalataya ay may pananalig at walang pag-aalinlangan. May pagtitiwala na makakalikha ng isang bagay mula sa wala. Ito ay ibibigay sa inyo ng Diyos kung susundin ninyo ang Salita Niya, iwawaksi ang kasamaan, at magiging banal.

Ang pananampalataya ang unang pamantayan sa pitong Espiritu dahil ito ang gagamiting batayan sa pagpapasiya ng ibang mga pamantayan. Itinatatag ng Diyos ng katarungan ang pamantayan ng pitong Espiritu para masagot ang bawat tao batay sa sukat ng pananampalataya niya.

### 2. Mayroon bang 'kagalakan' sa puso ninyo sa lahat ng oras?

Ang kagalakan ninyo ay pagpapatunay na may pananampalataya kayo. Dahil kapag lubos kayong nagtitiwala sa Diyos at naniniwalang may darating na sagot, kahit na anong mangyari ay maaari kayong magalak. Ang espirituwal na kagalakan ay nagmumula sa kapayapaan ng puso. Mananatili ang kagalakan ninyo kung hindi kayo magtatayo ng pader ng mga kasalanan sa pagitan ninyo at ng Diyos.

### 3. 'Nananalangin' ba kayo ayon sa kalooban ng Diyos?

Tinitingnan ng pitong Espiritu ng Diyos kung tayo ay nananalangin ayon sa puso at kalooban Niya. Ang panalangin na ayon sa kalooban ng Diyos ay nagpapatuloy, maalab, nakaluhod, at nananangis habang nananalangin. Hindi mahalaga sa Diyos ang panlabas na anyo kundi ang puso ng tao, kaya dapat tayong manalangin ng may pananampalataya at pag-ibig ayon sa kalooban Niya. Ibig sabihin, dapat tayong manalangin nang may pag-ibig sa Kanya at manalig na sasagutin Niya ang mga dalangin natin.

### 4. 'Nagpapasalamat' ba kayo ng taos-puso?

Hindi natin mapipigilang magpasalamat sa Diyos kung naniniwala tayo na iniligtas Niya tayo at sumasagot Siya sa mga dalangin natin. At kung naniniwala tayo na ang Diyos ng pag-ibig ang Ama natin at Siya ang namumuno sa buhay natin, natural lang na magpapasalamat tayo sa Kanya sa lahat ng oras. Samakatwid, ang taong may pananampalataya ay magpapasalamat sa Diyos sa kahit na anong pangyayari at kalagayan. Kung nagpapasalamat kayo kapag mabuti ang kalagayan ninyo subalit umaangal at nagrereklamo naman sa mga kahirapan, hindi ito tunay na pananampalataya at maaantala o magtatagal ang pagdating ng kasagutan dahil dito. Kapag magpapasalamat tayo sa Diyos nang may kasamang pananalig, gagawa Siya sa ikabubuti ng lahat.

### 5. Sinusunod ba ninyo ang mga 'utos' na nakasulat sa Biblia?

Nahahati sa apat ang mga utos ng Diyos na nasa Biblia: Gawin, Huwag gawin, Sundin, at Iwaksi. Kasama sa Sampung Utos ang buod ng lahat ng utos na nasa Biblia. Tinitingnan ng pitong Espiritu kung nasusunod ang mga utos na ito. Sinasabi sa 1 Juan 5:3, "Sapagkat ito ang pag-ibig sa Diyos, na ating tuparin ang Kanyang mga utos; at ang Kanyang mga utos ay hindi pabigat." Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay pagpapatunay na mahal ninyo Siya. Tulad ng pagsunod ninyo sa kung anong gusto ng minamahal ninyo, masaya ninyong susundin ang mga utos kung tunay ninyong minamahal ang Diyos. Subalit kahit na matagal na kayong Cristiano at iniisip ninyo na mayroon na kayong pananampalataya, hindi maaaring sabihin na sinusunod ninyo ang mga utos Niya kung napipilitan lang kayong sundin ang mga ito.

### 6. 'Tapat ba ang paglilingkod' ninyo sa buong sambahayan ng Diyos?

Ang tinutukoy na 'tapat na paglilingkod' ay hindi lang para sa kaharian ng Diyos, kasama dito ang masigasig na pagtatrabaho sa tahanan, opisina, at iba pang mga lugar. Natural lang na unahin ng isang taong may pananampalataya ang paglilingkod sa Panginoon. Subalit hindi ito dahilan para pabayaan ang kanyang pamilya at trabaho. Dapat maging masipag saan man siya naroroon. Kaya, ang espirituwal na katapatan ay kasama ng pananampalataya sa mahalagang pamantayan. Ito ang proseso ng paglilinis ng puso at pagwawaksi ng mga kasalanan. Masasabing mayroon kayong espirituwal na katapatan kung tumutulad kayo sa Diyos sa pamamagitan ng tapat na paglilingkod hanggang sa ialay na ninyo ang sariling buhay. Kung susuko ang isang tao sa gitna ng tungkulin niya sa kung ano mang dahilan, hindi ito matatawag na perpektong katapatan.

### 7. Mayroon ba kayong 'espirituwal na pag-ibig'?

Pag-ibig ang pamantayan na kumukumpleto sa naunang anim na pamantayan. Ito ang nagbubuklod sa lahat. Kahit gaano kaalab ang pananalangin ninyo at gaano kasigasig ang paglilingkod ninyo, magkakaroon lang ng tunay na kahulugan ang mga ito kung mayroon kayong pag-ibig sa Diyos at sa kapwa ninyo. Ang pananampalataya ang pinakamahalaga sa lahat dahil ito ang uudyok sa tao para magsaya, magpasalamat, manalangin, sumunod sa mga utos ng Diyos, maglingkod nang tapat, at maging tunay na anak Niya. Subalit, kahit nasa kanya na ang anim na pamantayang nabanggit kasama na ang pananampalataya, walang halaga ang lahat ng ito kung wala siyang pag-ibig. Ito ang dahilan kung bakit 'pag-ibig' ang panghuling pamantayan.

# "Pagkatapos ng Sampung Taong Pag-aasawa, Nagkaanak Ako"

**Pastor Asif Nazir** (Direktor ng Isaac TV, Pakistan)

Nakilala ko si Dr. Jaerock Lee dahil sa kuya ko, si Asher Nazir, na nagtatrabaho sa GCN TV (Global Christian Network). Noong taong 2000, sinabihan niya akong dumalo sa Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan sa pangunguna ni Dr. Jaerock Lee. Dito nagsimula ang ministeryo sa mga bansang Muslim. Humigit-kumulang na tatlong daang libong tao ang dumalo at marami sa kanila ang naging Cristiano. Maraming makapangyarihang pagkilos ng Diyos ang naganap. Pagkatapos noon, naranasan ko rin ang kamangha-manghang kapangyarihang iyon.

Nagpakasal kami ng asawa ko noong 2001. Nangarap akong magkaroon ng masayang pamilya, subalit pagkalipas ng dalawang taong pagsasama, nainip na ako dahil hindi nagbuntis ang asawa ko. Sa pagsusuri, nakitang may nakabara sa oviduct niya kaya hindi siya puwedeng magbuntis. Naisip kong mag-ampon na lang, subalit ayaw niya. Napadalas ang pagtatalo namin. Noong ikaanim na taon na ng aming pagsasama, nagtungo sa UK ang misis ko para mag-aral. Nalungkot ako nang mawala siya. Pakiramdam ko, pinagtampuhan na ako ng kaligayahan.

Pagkatapos noon, nabagbag ang damdamin ko sa librong Tasting Eternal Life Before Death na isinulat ni Dr. Lee. Nahilingan pa akong isalin sa wikang Urdu ang serye ng mga sermon niya na 'Love Chapter' (Kabanata Tungkol sa Pag-ibig) at 'The Measure of Faith' (Ang Sukat ng Pananampalataya). Habang nagsasalin, nagkaroon ako ng malaking espirituwal na pang-unawa. Higit pa riyan, personal kong nakitang gumaling ang mga tao sa pamamagitan ng panalanging may panyo (basahin ang Ang Mga Gawa 19:11-12). Natiyak ko na maaari din kaming mabiyayaan ng anak.



*Isang misis na may bara sa 'oviduct' kaya hindi mabuntis. Hindi makapunta sa iglesya sa Korea ang mag-asawa dahil hindi mabigyan ng visa. Ipinadala ang litrato nila kay Dr. Jaerock Lee at tumanggap ng panalangin niya sa pamamagitan ng GCN TV.*

Una, ipinanalangin ni Dr. Lee ang pagbabalik ng misis ko mula sa U.K. Dahil sa panalangin, bumalik siya noong Hulyo, 2010. Tumanggap din siya ng malaking pagpapala at nabagbag ang espiritu niya sa mga sermon ni Dr. Lee at sa marami pang makapangyarihang mga pagkilos na naganap sa pangalan ni Jesu-Cristo. Kaya nagdesisyon kaming mag-asawa na pumunta sa Korea para maipanalangin ang pagbubuntis niya. Subalit, hindi kami makakuha ng visa. Sa huli, ipinadala na lang namin ang litrato namin sa Seoul, Korea. Tinanggap namin ang panalanging lumalampas sa kalawakan at panahon noong Nobyembre 2010. Pagkatapos noon, nagbuntis ang misis ko at nagsilang ng lalaking sanggol noong Nobyembre, 2011. Hallelujah!

Mayroon pang isang magandang balita. Isinasahimpapawid ng Isaac TV (ang unang Cristianong istasyon ng satellite TV sa Pakistan) ang mga krusada ni Dr. Lee sa ibang bansa at ang mga programang papuri sa wikang Ingles at Urdu sa loob ng anim hanggang walong oras araw-araw. Ang lahat ng mga programa ay naisahimpapawid na sa maraming bansa sa Asya at sa Gitnang Silangan. Samantala, may babaing tumawag sa akin sa telepono, sinabi niyang gumaling ang karamdaman niya sa tiyan at gumaling ang diabetes ng biyenan niyang babae. May isang Muslim na lalaking taga Saudi Arabia ang nagsabing humanga siya sa mga sermon at gusto niyang maging Cristiano.

Malaki na ang nagawa ng ministeryo ni Dr. Lee kaya maraming tao na ang namumuhay ayon sa Salita ng Diyos. Nangyari ito pagkatapos makita ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos na ipinahayag sa pangalan ni Jesu-Cristo. Umaasa ako na hindi magtatagal, madadalaw at makikita ko na siya sa Korea para personal at taos-pusong makapagpasalamat sa kanya.

---

# "Gumaling ang Diabetes Ko sa Manmin Central Church"

**Pastora Rita Sihotang Cussoy** (Philadelphia Ministry, Indonesia)



Noong 1982, nagdudusa ako sa napakasakit na paa dahil sa diabetes. Malala na ang kalagayan ko at sinabihan na ako ng doktor na hindi na lalampas sa anim na buwan ang buhay ko. Subalit gumaling ako dahil sa pagpapala ng Diyos. Pagkalipas ng labinlimang taon, bumalik ang sakit ko dahil sa mga kasalanan ko.

Noong Oktubre 2011, binalak kong bumisita sa Manmin Central Church, pero umakyat sa 700 ang 'blood sugar' ko. Pinagbawalan akong magbiyahe ng doktor ko papuntang Korea dahil peligroso. Subalit kumbinsido akong gagaling sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee na ginagamit ng Diyos para ipakita ang kapangyarihan Niya.

Nalaman ko ang tungkol kay Dr. Lee mula sa kamag-anak kong si Patricia. Ang asawa niyang si Peter Yoon ay nagmiministeryo sa Indonesia. Binigyan niya ako ng DVD ng 'Power of God'. Kamangha-mangha ang nilalaman ng video. Nananalangin si Dr. Lee nang hindi inilalapat ang mga kamay niya sa bawat isang may sakit. Nananalangin siya habang nasa entablado. Gayon pa man, hindi mabilang na mga kaluluwa ang gumaling sa mga karamdaman nila. Sa wakas, nagkaroon ako ng pananampalataya. Tumigil na ako sa pag-inom ng gamot.

Noong Oktubre 7, dumalo ako sa ika-29 Anibersaryong Pagtatanghal ng Manmin Central Church sa Korea. Noong oras na iyon ay dumating din ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Naalala ko ang babae sa Biblia na labindalawang taon nang dinudugo subalit gumaling pagkatapos niyang hawakan ang laylayan ng balabal ni Jesus (Lukas 8:43-44). Nakipag-kamay ako kay Dr. Lee, puspos ng pag-asa at pananampalataya ang puso ko. Nang sandaling iyon, napuno ako ng kagalakan at emosyon, at nakatiyak na gagaling na ako. Pagkatapos noon, nawala na ang sintomas ng diabetes ko at bumuti na ang pakiramdam ko. At nakalakad ako nang walang kahirap-hirap.

Noong Oktubre 10, bumisita ako sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan ang tubig-alat ay naging sariwa, matamis at puwedeng inumin dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Nagpunta ako doon kasama ng iba pang mga bisitang dayuhan. Masigasig akong nanalangin habang hawak ang isang tasa ng Muan Sweet Water at ipinahid ko ang tubig sa mga mata ko. Ininom ko din ito. Kamangha-mangha ang mga nangyari nang tumingin ako sa langit. Hugis krus ang sinag ng araw at narinig ko ang tinig ng Banal na Espiritu na nagsasabi sa akin, "Magaling ka na."

Pagkatapos, naglublob ako sa paliguan ng Muan Sweet Water ng pitong beses dahil sa kagustuhan kong gumaling. At isa na namang kapansing-pansing pangyayari ang naganap. Gumaling ang diabetes ko pati na ang mga komplikasyon na sanhi nito. Napakalabo ng kanang mata ko, subalit nababasa ko na ngayon kahit ang maliliit na letra. Palaging namamaga ang mga binti ko, subalit naging normal uli ang mga ito.

Ipinasuri ko ulit ang 'blood sugar' ko sa Indonesia. Ito ay 96 kung walang laman ang tiyan at 110 dalawang oras pagkatapos kumain, nangangahulugang normal ito. Nakakakain na akong mabuti at nakakatakbo rin. Malusog na malusog na ako. Nagpapasalamat ako at niluluwalhati ko ang Diyos.



Sukat ng Blood Sugar (Oktubre 31, 2011): Normal- 96 kung walang laman ang tiyan - 110 dalawang oras pagkatapos kumain